# Mga Kulay ng Digmaan (Colors of the War)

The photos used in this exhibit are from the collection of Dr. Ricardo T. Jose and colorized by Ivan Bilugan. The exhibit was first launched on 19 August 2017 at the Clark International Airport in Pampanga in celebration of the 75th anniversary of World War II in the Philippines. The exhibit was then displayed at the Museo ni Jose Rizal Fort Santiago on 23 March 2018 and at the Armed Forces of the Philippines Museum in Quezon City on 18 April 2018.

## PANIMULA

Bagama't pitompu't limang taon na ang lumipas mula nang maranasan ng Pilipinas ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, patuloy pa ring nabubuhay ang mga alaala ng digmaan gamit ang mga nasulat na tala, ilang mga pelikula, at, mangyari pa, mga retrato. Tungkol sa mga larawang ito, ipinaliwanag ni Ian Carter, senior curator ng British Imperial War Museum, ang pagkakaiba ng may kulay sa wala: "Sadyang nagbibigay ng hadlang ang mga retratong puti at itim sa pagitan ng paksa at sa tumitingin nito; ibinabalik ng retratong may kulay ang nawawalang kalinawan at epektong ito." Idinagdag pa ng isang pahayagan na ang mga kinulayang retratong ito "ay nagpapakita kung paano mismo nakita ng mga nabuhay noon ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig."

Bilang paggunita sa ika-75 anibersaryo ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Pilipinas, inihahandog ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas, Philippine History in Color at Project Saysay ang isang eksibit ng mga kinulayang larawan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Pilipinas. Ang mga larawang itong kinulayan sa tulong ng pananaliksik sa kasaysayan ay nakahabi sa isang kuwento ng digmaan mula 1941 hanggang 1945. Hindi lamang ilalapit ng mga larawang ito ang mga nagmamasid sa mga pangyayari; mas mauunawaan din nila ang mga naranasan ng mga nakaligtas mula sa mga ito.

## INTRODUCTION

Although seventy-five years have already passed since the Philippines experienced the Second World War, its memories still live on through written accounts, a few films, and, of course, photographs. Regarding these images, Ian Carter, senior curator of the British Imperial War Museum, sets apart those in color from those that are not: "Black and white photography puts a barrier between the subject and the viewer, colour photography restores that missing clarity and impact." Moreover, these colorized images, a newspaper adds, "show how the Second World War would've been seen by the people living through the conflict."

To commemorate the 75$^{th}$ anniversary of World War II in the Philippines, the National Historical Commission of the Philippines, Philippine History in Color and Project Saysay present an exhibit of colorized images of the Second World War in the Philippines. These photographs, colorized with the help of historical research, are interwoven in a narrative of the war from 1941 to 1945. These images will not only bring the viewers closer to the events, but also put them more fittingly in the shoes of those survivors.


2







Dumating si Hen. Masaharu Homma, pinuno ng *14th Army*, sa baybayin ng Golpo ng Lingayen noong 24 Disyembre 1941 upang pamunuan ang paglusob ng mga Hapon sa Pilipinas. Nagsimulang bumaba ang puwersang panlupa ng mga Hapon sa iba't ibang punto sa Luzon, Visayas, at Mindanao. Ipinagtanggol ng mga Pilipino't Amerikano ang mga baybayin ngunit napaatras din dahil sa kakulangan sa pagsasanay at kagamitan. Agad na nagtayo ng mga base at paliparan ang mga Hapon.




Gen. Masaharu Homma, the *14th Army* Commander, came ashore at Lingayen Gulf on 24 December 1941 to lead the Japanese invasion of the Philippines. Japanese land forces started to land in various points in Luzon, Visayas, and Mindanao. Filipinos and Americans defended the shores but were repelled nonetheless owing to the lack of training and equipment. The Japanese immediately established their bases and airfields.




Mula sa iba't ibang baybayin sa Luzon, sumulong ang hukbong Hapon patungong Maynila, ang kapitolyo, at Bataan, kung saan unti-unting nagtitipon ang mga napapaatras na sundalong Pilipino't Amerikano alinsunod sa War Plan Orange. Noong 26 Disyembre 1941, idineklara ang Maynila bilang *open city* at nilisan ito ng pamahalaang Komonwelt at ng mga sundalong Amerikanong nagtungong Corregidor upang maiwasan ang pagkasira ng lungsod. Gayumpaman, binomba pa rin ito ng mga Hapon at nasakop noong 2 Enero 1942.




From various shores in Luzon, Japanese forces advanced towards Manila, the capital, and Bataan, where retreating Filipino and American soldiers were gathering in accordance to War Plan Orange. On 26 December 1941, Manila was declared an open city and abandoned by the Commonwealth government and the American soldiers who headed toward Corregidor so as to spare the city from destruction. However, the Japanese continued to bomb the city and occupied it on 2 January 1942.



Ang Bataan ang nagsilbing huling linya ng depensa ng mga Pilipino at Amerikanong naipit ng mga puwersang Hapong mula hilaga at silangang Luzon. Nagtagal ang pagtatanggol sa Bataan mula 7 Enero hanggang 9 Abril 1942. Noong panahong ito, malaki ang ginampanan ng kababaihan hindi lamang sa labanan, kung hindi'y pati na rin sa mga paggamutan at opisina.



Bataan served as the last line of defense for the Filipinos and Americans trapped by the Japanese forces from northern and eastern Luzon. The defense of Bataan lasted from 7 January until 9 April 1942. During this time, women played crucial roles not only in the battlefield, but also in hospitals and offices.



Pagkatapos ng ilang buwan ng mabalasik na pakikibaka, napasuko na rin ang halos 76,000 na manananggol dahil sa kakulangan ng armas, pagkain at gamot. Dahil sa dami ng sumuko sa Bataan at kakulangan ng sasakyan, pinagmartsa ng mga Hapon ang mga bilanggo ng digmaan patungong San Fernando, Pampanga. Mula doo'y pinasakay sila ng tren patungong Kampo O'Donnel, Capas, Tarlac. Libu-libo ang namatay dahil sa gutom, matinding pagod, tortyur, at tahasang pagpatay



After months of bitter struggle, about 76,000 defenders finally surrendered owing to lack of arms, food and medicine. Because of the overwhelming number of those who surrendered in Bataan and the lack of vehicles, the Japanese ordered the war prisoners to march toward San Fernando, Pampanga. From there, they boarded trains toward Camp O'Donnel, Capas, Tarlac. About 26,000 died of hunger, extreme fatigue, torture, and outright killing.



Binobomba na ng hukbong Hapon ang Corregidor mula noong 29 Disyembre 1941 dahil sa istratehikong lokasyon nito bilang bantayan sa Look ng Maynila. Nakadaong lamang sila rito noong 5 Mayo 1942 at nasakop noong sumunod na araw. Mahigit 13,000 bilanggo ng digmaan mula Corregidor ang dinala sa Maynila at kalauna'y sa iba't ibang kampo tulad ng sa Cabanatuan, Palawan, at bansang Hapon.




Japanese forces had been bombing Corregidor since 29 December 1941 owing to its strategic location as the guard post of Manila Bay. They only managed to land here on 5 May 1942 and occupied the island the following day. Over 13,000 prisoners of war were brought from Corregidor to Manila and eventually to other camps such as in Cabanatuan, Palawan, and Japan.



Ikinulong ng mga Hapon ang mga sumukong sundalo sa mga kampong kulungan sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Marami ring mga sibilyan ang ibinilanggo dahil sa pagtulong nila sa mga manananggol. Naunang pinalaya ang mga Pilipino at hinikayat na bumalik sa normal na pamumuhay sa ilalim ng rehimeng Hapon. Ang mga Amerikano't ibang dayuhan nama'y patuloy na nagdusa sa mga kampo hanggang 1944-1945.



The Japanese imprisoned the surrendered soldiers in internment camps throughout the Philippines. Many civilians were also incarcerated for helping the defenders. Filipinos were released first and were urged to return to normal life under the Japanese regime. On the other hand, Americans and other foreigners continued to languish in the camps until 1944-1945.



Noong Disyembre 1941, itinalaga ni Pangulong Manuel Quezon si Jose P. Laurel bilang Kalihim ng Katarungan ng Gabineteng Pandigma. Noong Oktubre 1943, naging pangulo si Laurel ng pamahalaang kontrolado ng mga Hapon, kung saan ginampanan niya ang mahalagang tungkuling papayapain ang mga opisyal na militar ng mga Hapon sa isang banda, at tulungan naman ang mga Pilipinong sibilyan at gerilya sa kabila.



In December 1941, President Manuel Quezon appointed Jose P. Laurel as Secretary of Justice of the War Cabinet. In October 1943, Laurel himself became president of the Japanese-sponsored government, where his office performed a crucial role of appeasing Japanese military officials on one hand, and helping Filipino civilians and guerrillas on the other.




Pinalaganap ng pamahalaang kontrolado ng mga Hapon ang propagandang para sa mga Pilipino. Ginamit ng mga Hapon ang mga pahayagan, paaralan, mga pagpupulong at iba pa upang hikayatin ang mga Pilipino na yakapin ang "tunay na kulturang Silanganin" na pinagbabahagian nila ng mga Hapon. Sa kabilang banda, hinimok din ng pamahalaan ang publiko na iwaksi ang kulturang Amerikano na hindi naman naaangkop sa mga Asyano.




The Japanese-sponsored government disseminated propaganda for the Filipinos. The Japanese used newspapers, schools, gatherings, and others to persuade Filipinos to embrace the "true Oriental culture" that they shared with the Japanese. On the other hand, the government also urged the public to do away with American culture which was not appropriate to Asians.




Sa kabila ng kabutihang-loob na ipinapakita ng propagandang Hapon, laganap pa rin ang takot sa mga nasakop na lugar. Nagkalat sa mga lansangan ang mga karatulang nagsasaad ng mga batas, at mga sundalong magpaparusa sa mga hindi sumusunod sa mga ito. Tulad ng inaasahan sa isang bansang nasa ilalim ng batas militar, maraming sundalo ang gumawa ng mga krimen tulad ng panggagahasa at pagpatay.




Despite the goodwill shown in Japanese propaganda, terror reigned in occupied areas. Streets were ridden with signboards containing the laws, and soldiers who punished those who disobeyed. As expected from a country under martial rule, many soldiers committed crimes such as rape and murder.



Bagamat ipinag-utos na ni Hen. Jonathan Wainwright ang pagsuko ng lahat ng hukbong Pilipino at Amerikano sa bansa noong 7 Mayo 1942, maraming sundalo ang patuloy pa ring nakipaglaban sa mga Hapon bilang mga gerilya. Marami ring mga pulitiko at pangkaraniwang sibilyan ang nagsipag-armas upang ipagtanggol ang kalayaan. Daan-daang grupo ng gerilya ang itinatag mula Luzon hanggang Mindanao.



Even though Gen. Jonathan Wainwright already ordered that all Filipino and American forces in the country surrender on 7 May 1942, many soldiers still continued to fight the Japanese as guerillas. Many politicians and common civilians also took up arms in defense of liberty. Hundreds of guerrilla units were established from Luzon to Mindanao.



Patuloy na ginampanan ng kababaihan ang kanilang mahahalagang papel sa kilusang gerilya. Liban sa armadong pakikipaglaban, mahusay silang nagtrabaho bilang mga mensahera at tagakalap ng impormasyon na kadalasa'y pangunahing prayoridad ng mga gerilya. Gamit ang radyo, telegrapo, at pakikipagtagpo sa mga submarino, naipadala ng mga gerilya ang nakalap na impormsyon sa Australya upang makatulong sa pagpaplano ng hukbong Alyansa na lusubin ang mga teritoryong Hapon noong 1944.



Women continued to play crucial roles in the guerrilla movement. Aside from armed combat, they worked effectively as couriers and informants, which were in most cases the top priority jobs for the guerrillas. Via radio, telegraph, and submarine contacts, the information gathered by the guerrillas were sent to Australia to aid the planning of the Allied forces' attack on Japanese territories in 1944.




Noong 1943-1944, habang pinaghahandaan pa ng hukbong Alyansa ang pagbawi sa mga lugar sa Pasipiko, palihim itong nagpapadala ng mga suplay, kagamitan at tauhan sa mga gerilya gamit ang mga submarino at eroplano. Kasama rin sa mga ipinadala ang mga mensahe at kautusan ni Hen. Douglas MacArthur, pinuno ng hukbong Alyansa sa Silangang Asya, na maghanda ang mga gerilya sa kanilang pagbabalik.




In 1943-1944, while the Allied forces were preparing for the reoccupation of the Pacific area, they secretly sent supplies, equipment and personnel to the guerrillas using submarines and airplanes. Among those sent were messages and orders of Gen. Douglas MacArthur, commander of the Allied forces in East Asia, to prepare the guerrillas for their return.



Gamit ang impormasyon mula sa mga gerilya, sinimulan na ni Hen. MacArthur ang Operation Musketeer, o ang pagbawi sa Pilipinas. Nagpasiya siyang dumaong sa Leyte kaysa sa Mindanao at paagahin ang paglusob dito. Nakuha ng puwersang Alyansa ang mga baybayin ng Leyte noong 20 Oktubre 1944, kung saan isinagawa ng pangkat ni Hen. MacArthur ang makasaysayang pagdaong sa Palo.




Using the information from the guerrillas, Gen. MacArthur commenced Operation Musketeer, or the retaking of the Philippines. He decided to land in Leyte instead of in Mindanao and advanced the date of attack. Allied forces occupied the shore of Leyte on 20 October 1944, where Gen. MacArthur made his historical landing in Palo.



Dumating ang karagdagang puwersang Hapon sa lupa at tubig habang nasa Leyte ang hukbong Alyansa. Noong 23-26 Oktubre 1944, naganap sa golpo ng Leyte ang isa sa pinakamalaking labanang pandagat sa kasaysayan kung saan nanalo ang puwersang Alyansa.



Japanese land and naval reinforcements arrived while the Allied forces were in Leyte. On 23-26 October 1944, one of the greatest naval battles in history took place in Leyte Gulf, where the Allied forces emerged victorious.



Pagkatapos ng mga unang labanan sa Leyte at mga karatig na lugar, sumulong ang puwersang Alyansa patungong Luzon upang bawiin ang Maynila at tugisin ang hukbo ni Hen. Tomoyuki Yamashita na noo'y nagkubli sa hilagang Luzon. Nagkatagpo sa mga bayan-bayan ang mga sundalo at mga gerilya na siyang nagturo ng lokasyon ng mga Hapon at tumulong sa pakikipaglaban.



After the initial battles in Leyte and nearby areas, the Allied forces advanced toward Luzon to retake Manila and pursue the forces of Gen. Tomoyuki Yamashita who fortified themselves in northern Luzon. The soldiers met the guerrillas in the towns who located Japanese positions and helped in the fighting.



Dahil alam nila ang kinaroroonan ng mga kampong kulungan, inuna ng mga gerilya ang pagliligtas ng mga bilanggo ng digmaan sa Cabanatuan, Laguna, Maynila, at iba pang kampo bago sila paslangin ng mga Hapon. Natagpuan ang mga bilanggo sa kahapishapis na kalagayan, ngunit mapalad pa rin sila dahil sila'y nakaligtas pa.



Knowing the location of the internment camps, guerrillas prioritized the rescue of prisoners of war in Cabanatuan, Laguna, Manila, and other camps before they were slaughtered by the Japanese. The prisoners were found in a grim state, but they were still fortunate because they survived.



Nagsimula ang labanan sa Maynila noong 3 Pebrero 1945, kung saan sinira ng mga Hapon ang mga gusali at tulay upang hindi makapasok ang mga Amerikano. Binomba naman ng mga Amerikano ang mga gusaling pinagtaguan ng mga kalaban. Dahil sa matinding labanan, kalauna'y naitala ang Maynila bilang isa sa mga pinakanapinsalang lungsod noong digmaan.



The battle of Manila started on 3 February 1945, where the Japanese destroyed buildings and bridges to prevent the entry of the Americans. The Americans, on the other hand, bombed the buildings occupied by the enemy. Because of the heavy fighting, Manila was later listed as among the most devastated cities during the war.



Upang tuluyang matalo ang puwersang Hapon sa Pilipinas, nilusob ng hukbong Alyansa ang punong himpilan ni Hen. Yamashita sa hilagang Luzon. Nahirapan sa pagsulong ang hukbong Alyansa mula Pangasinan dahil sa matitibay na tanggulan ng mga Hapon sa kagubatan at kabundukan. Muling tumulong ang mga gerilyang pamilyar sa lugar.



To finally defeat the Japanese forces in the Philippines, the Allied forces attacked Gen. Yamashita's headquarters in northern Luzon. The Allied forces had difficulty advancing from Pangasinan because of the sturdy Japanese strongholds in the jungles and mountains. The guerillas that were familiar with the area helped once more.



Hindi pa rin mapasuko ang hukbo ni Hen. Yamashita sa kabila ng nauubos nilang bilang at naputol na suplay ng makakain. Sumuko lamang siya noong 3 Setyembre 1945 matapos isuko ni Emperador Hirohito ang buong digmaan. Sa kabila nito, hindi pa rin tinanggap ng ilang mga sundalong Hapon ang pagsuko at patuloy na nakipaglaban.



Gen. Yamashita's forces still refused to yield despite their decreasing numbers and with their food supplies cut off. He only surrendered on 3 September 1945 after Emperor Hirohito gave up the entire war. However, some Japanese soldiers refused to accept the surrender and continued the fight.



Liban sa mga Amerikano, itinaya rin ng ibang mga bansa tulad ng Mexico at Australya ang kanilang makakaya upang tulungang mapalaya ang Pilipinas mula sa pananakop ng mga Hapon. Pinaparangalan natin ang mga namatay na sundalo ng ating mga kakampi, na pinagpatayuan ng mga monumento sa Pilipinas pagkatapos ng digmaan.



Aside from Americans, other nationalities such as Mexicans and Australians also offered what they could to help liberate the Philippines from Japanese rule. We honor the fallen soldiers of our allies, for whom monuments were erected in the Philippines after the war.

## REFERENCES

Amorsolo, Fernando. *Ruins of the Manila Cathedral* (1945). Oil on canvas; *Rizal Avenue on Fire* (1945). Oil on canvas. From the U.P. Jorge B. Vargas Museum and Filipiniana Research Center.

Berndt, Thomas. *American Tanks of World War II* (Zenith Imprint, 1994).

Carter, Ian. *The Second World War in Colour* (Imperial War Museum, 2017).

Darman, Peter. *Uniforms of World War II: Over 250 Uniforms of Armies, Navies and Air Forces of the World* (Book Sales, 2016).

Narro, Alfredo Macias. *Aguilas Sobre Filipinas: Fuerza Aerea Expedicionaria Mexicana, Escuadron Aereo de Pelea 201* (2013).

Philippine postcards during the American period, from the NHCP collection.

Old uniforms and other war artifacts, from the Armed Forces of the Philippines Museum and Quezon Memorial Shrine.

Williams, David L. Naval *Camouflage 1914-1945: A Complete Visual Reference* (Chatham, 2001).